



Buntis ka, nagpaplanong magbuntis, o kamakailan ka bang nagkaroon ng sanggol?

Ang pagkakaroon ng bakuna sa COVID-19 habang buntis o nagpapasuso/nagbibigay ng gatas gamit ang dibdib (chestfeeding) ay maaaring maging isang mahirap na desisyon habang naghihintay tayo ng pangmatagalang datos sa kaligtasan.

Umaasa kami na ang infographic na ito ay makakatulong sa iyo na gumawa ng matalinong desisyon na tama para sa iyo.

Ang mga buntis na ang mga buntis na hindi nabakunahan at ang kanilang mga sanggol na nakakuha ng COVID-19 ay nasa mas mataas na peligro ng malubhang sakit o kamatayan.

Bagaman ang pagkakaroon ng bakuna para sa COVID-19 ay maaaring hindi makapigil sa iyo na mahawa ng virus, maaari nitong bawasan ang iyong posibilidad na makunan, manganak ng isang patay na sanggol, manganak nang di-oras, at ang iyong sanggol na maipasok sa intensive care unit (NICU). Mababawasan din ng bakuna ang iyong posibilidad na magkaroon ng pulmonya, mangailangan ng pagpasok sa ospital, mangailangan ng makina para makahinga, o mamatay.

Kapag nagpabakuna ka para sa COVID-19 sa panahon ng pagbubuntis, ang iyong katawan ay gumagawa ng mga antibodies na nagpoprotekta sa iyong sanggol mula sa pagkakasakit.

Ligtas na tumanggap ng bakuna sa anumang yugto bago, habang, o pagkatapos ng pagbubuntis. Ang rekomendasyong ito ay batay sa ebidensyang nakuha mula sa mahigit 100,000 buntis sa Canada at libu-libo pa sa buong mundo.

Mga Propesyonal na Grupo sa Kalusugan* ay mariing inirerekomenda ang pagpapabakuna habang nagpaplano ng pagbubuntis, sa panahon ng pagbubuntis, o habang nagpapasuso/nagbibigay ng gatas gamit ang dibdib (chestfeeding). Ang mga benepisyo ay nakahihigit kaysa sa mga panganib sa iyo at sa iyong sanggol.

* Society of Obstetricians & Gynaecologists of Canada (SOGC), Public Health Agency of Canada (PHAC), College of Family Physicians of Canada (CFPC), Canadian Association of Midwives (CAM), National Advisory Committee on Immunization (NACI)



Ligtas ba para sa akin ang bakunang COVID-19?

Kasama sa mga side effect ng bakuna ang pananakit, pamamaga o pamumula sa lugar ng iniksyunan, lagnat, pagkapagod, sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pagsusuka/pagtatae, at pananakit ng kasukasuan. Ang posibilidad na magkaroon ng mga sintomas na ito at ang kalubhaan ng mga ito ay pareho sa mga buntis at hindi buntis.

Ang pagpapabakuna sa panahon ng pagbubuntis ay HINDI nagpapataas ng iyong panganib na makunan, o ang iyong sanggol na ipinanganak na may depekto, o anumang ibang panganib sa iyong pagbubuntis o sanggol.

Ang mga malubhang komplikasyon tulad ng mga nagbabanta sa buhay na allergic reaction, myocarditis at pericarditis (pamamaga ng kalamnan ng puso o ang lining sa paligid ng puso), mga pamumuo ng dugo, at panghihina ng kalamnan o paralisis ay napakabihira.

Ligtas ba ang pagpapasuso / pagbibigay ng gatas gamit ang dibdib (chestfeed) sa aking sanggol kung natanggap ko na ang bakuna?

Maaari kang ligtas na magpasuso/magbigay ng gatas gamit ang dibdib (chestfeed) pagkatapos magkaroon ng bakuna sa COVID-19. Ang mga pag-aaral sa gatas ng tao ng mga nabakunahan sa panahon o pagkatapos ng pagbubuntis ay nagpapakita na napakakaunting bakuna (kung mayroon man) ang napupunta sa gatas ng tao.

Makakaapekto ba ang bakuna sa aking mga siklo ng regla o kakayahang magkaroon ng isang sanggol?

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay maaaring magpataas ng oras/panahon sa pagitan ng mga yugto ng regla sa loob ng isa o dalawang araw at bahagyang baguhin ang pattern ng pagdurugo. Gayunpaman, ang mga pagbabagong ito ay tumatagal lamang ng ilang buwan pagkatapos ng pagbabakuna. Walang ebidensya na ang bakuna ay nagpapabaog sa sinuman o nagpapababa ng iyong pagkakataong mabuntis.